Paglilingkod ng mga Tagapagsalin

Para sa mga taong limitado ang Kakayahan sa Ingles.

Kung nais na makakuha ng brosyur na ito, maaring kontakin ang Lupon ng mga Tauhan ng Estado.

Sa pamamagitan ng *email* sa:
bilingual@spb.ca.gov

Sa pagsulat sa:
Lupon ng mga Tauhan ng Estado
801 Capitol Mall
Sacramento, CA 95814

O sa teleponong:
(916) 651-9017
TDD (916) 651-8782

Ang Estado ng California ay pantay magbigay ng trabaho ayon sa mga batas pang-estado at pang-federal.

STATE PERSONNEL BOARD

Bilingual Services Program

Tagalog – Tagalog
2007

Estado ng California

Dalawang-Wikang Ta-gapagsalin Paunawa Ng

Lupon ng mga Tauhan
ng Estado ng California
www.spb.ca.gov

Batas Estado

Ang Estado ng California ay inaatasang magbigay ng mabisang komunikasyon sa pagitan ng pamahalaan at lahat ng tao sa estado. Ang mga programa at serbisyo ng estado ay kailangang abot-kamay ng mga taong mahina sa Ingles o Limited-English proficient (LEP). Kung ikaw ay hindi mahusay sa wikang Ingles, ikaw ay may karapatang makakuha ng mga impormasyon tungkol sa mga programa at serbisyong maaring karapat-dapat mong makamtan, sa iyong katutubong wika.

Ang mga departamento ng estado ay maaari kang alalayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tauhan na napatunayang sanay sa dalawang wika o bilingguwal kabilang na ang katutubo mong wika na di-Ingles, o di kaya ay sa paggamit ng mga may-kakayahang tagasalin.

May mga ilang departamento ng estado na nagbibigay ng deretsong serbisyo sa publiko na maaring iyong makaugnayan ng madalas o paminsan-minsan. Ang ilang halimbawa nito ay ang mga uri ng tauhan ng estado na maaari mong makasalamuha sa pagkuha mo ng mga impormasyon, programa at serbisyo ng estado kabilang ang:

- Mga Kinatawan ng **Kagawaran ng Sasakyang De-Motor** (*Department of Motor Vehicles*) kapag nagpaparehistro ng sasakyan o kumukuha ng lisensya sa pang-maneho;
- Mga Pulis-Opisyal ng **Patrol ng Lansangan ng California** na nagpapahinto ng trapiko o nag-iimbestiga sa mga aksidente;
- Mga Kinatawan ng **Kagawaran ng Paglilinang ng Empleo** o **Lupong Pang-apela ng Seguro sa Kawalang-Trabaho** (Unemployment Insurance Appeals Board*)* sa pag-aayos at pagpapatala ng mga dokumento para sa benepisyo ng kawalang-trabaho;
- Mga Kinatawan ng **Kagawaran ng Ugnayang Pang-Industriya** at mga Hukom sa pagpapatala at pag-aayos ng hinahabol na suweldo laban sa isang amo o kumpanya;
- **Mga Bantay ng Isda at Pangangaso** o mga **Ranger ng Pang-estadong Palaruan** sa mga Liwasan ng Estado, kapag gagamit ng mga pang-estadong palaruan at mga kagamitan ng liwasan.

Paghiling ng Tagapagsalin

Ang unang hakbang na dapat gawin ay ipaalam kung ano ang iyong pangangailangang pangwika sa pamamagitan ng paghiling ng isang tagasalin na mahusay sa iyong katutubong wika. Hindi ka dapat hingan ng bayad o anumang pabuya sa paghiling mo ng sariling tagasalin. Ang isang departamento ng estado ay maaring humiling sa isang kapamilya or bata na mag-saling wika para sa iyo kapag lamang may isang hindi inaasahang kalagayan o pangyayari, o kung kailangang makakuha ng impormasyon na hindi masyadong mahalaga kagaya ng pagkilala ng iyong wika. Ang isang may-kakayahang tagasalin ay kailangang laging gamitin upang masiguro ang mabisang komunikasyon o mahusay na unawaan sa pagitan mo at ng departamento ng estado.

Ang batas ay nag-aatas sa mga departamento ng estado na magbigay ng parehong impormasyon na mayroon sa wikang Ingles at maaring makuha sa katutubong wika ng publikong kanilang pinaglilingkuran. Ang departamento ng estado ang magtatakda kung kailangang gumamit ng tagasalin, mga dokumentong nasalin na o iba pang mga pamamaraan o kagamitang bilingguwal.

Mga Impormasyon Sa Pag-Hain ng Reklamo

Kung ang isang departamento ng estado ay hindi ka mabibigyan ng iyong hiniling na nasaling mga materyal o serbisyo ng tagasalin, dapat na hilingin mong makipag-usap sa punong nangangasiwa. Kapag ang taong nabanggit ay hindi ka maaalalayan, maaari kang makipag-alam sa Lupon ng mga Tauhan ng Estado "State Personnel Board (SPB)", Programa ng Bilingguwal na Mga Serbisyo "Bilingual Services Program (BSP)" para sa karagdagang tulong.

Ang SPB ay nagtakda ng isang numero ng telepono ng walang bayad (toll-free) upang makatanggap ng mga reklamong pang-wika tungkol sa kawalang kakayahan ng publiko na makakuha ng mga serbisyong pang-bilingguwal mula sa estado. Ang pangreklamong linya ng SPB ay matatawagan sa numerong: 1-866-889-3278.

Ang numero ng teleponong ito ay iko-konekta ka sa isang rekorder ng boses na kung saan maari kang mag-iwan ng isang mensahe upang ipaliwanag ang mga detalye ng iyong reklamo. Maaaring makinig sa mga direksyon ng maigi at maghintay sa pagpili ng wika na iyong gustong gamitin. Ang mga rekorder ng boses na ito ay naglalaman ng gabay na turo sa mga wikang Ingles, Vietnamese, Intsik (Cantonese), Tagalog, Intsik (Mandarin), Koreano, Ruso, Armenian, Hapon, Punjabi, Arabo at Farsi. Kung ikaw ay hindi nagsasalita ng alin man sa nasabing mga wika, kakailanganin mong makipag-alam sa SPB sa numerong (916) 651-9017 o para sa mga bingi o mahihina ang pandinig, ang CA Relay Services sa numerong 711 para sa pag-alalay. Ang SPB ay susubukan na kilalanin ang iyong wika at maghanap ng may-kakayahang tagasalin sa iyong katutubong wika. Maaaring maghanda dahil baka kakailanganing maghintay sa telepono habang kinokontak ang isang tagasalin.

Ang Paraan ng Pag-Hain ng Reklamo

Pakikinggan ng SPB ang iyong iniwang mensahe sa loob ng dalawang may-negosyong araw makaraang matanggap ito. Maari kang kontakin ng SPB kung kakailanganin ng karagdagang impormasyon tungkol sa iyong reklamo. Kung hindi naman ay kikilalanin ng SPB ang pang-estadong departamento na may pananagutan at ipapasa ang kaso o isyu sa bilingguwal na taga-ugnay ng departamento. Kapag ang iyong reklamo ay walang kaugnayan sa paraanang pangwika sa isang departamento ng estado, susubukan ng SPB na kilalanin ang panig na may kinalaman at bigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga maaring pamamaraan ng pag-reklamo.

Pananagutan ng bawat pang-estadong departamento na bigyan ka ng kaukulang antas ng paraanan sa kanyang mga impormasyon at serbisyo sa iyong katutubong wika. Ang paraan ng pag-reklamo sa SPB ang magsisilbing daan upang masigurong ang iyong reklamo ay makakarating sa departamentong may pananagutan sa pagtugon ng iyong mga isyu tungkol sa paraanang pangwika. Kapag hindi ka nakatanggap ng tawag sa loob ng isang linggo mula nang ipatala mo ang iyong reklamo, maaaring tawagan ang numero ng teleponong walang bayad at mag-iwan ng pangalawang mensahe. Isang empleyado ng SPB ang magbabalik ng iyong tawag sa susunod na may-negosyong araw upang alamin ang estado ng iyong reklamo.